

1

Second year, second semester, World History Class...

“Miss Abejo!” Pangatlong beses na yata iyon na tinawag ng propesor ang atensyon ng estudyante.

“Cheska, tinatawag ka,” ani Gemma.

Kung hindi pa siguro siya pasimpleng siniko ng best friend niya ay hindi niya mapapansin na tinatawag siya ng teacher.

“Yes, Ma’am?” Napatingin siya mula sa binabasang nobela na patagong nakaipit sa nakabukas niyang textbook sa *World History*.

“I was asking if you would be so kind as to relate to the class what happened during the Roman invasion of Greece in 192-188 B.C.”

Dahan-dahan siyang tumayo para mag-recite. Ang galaw na iyon ay pang-reboot niya ng utak dahil malayo sa gustong ipakuwento sa kanya ang binabasa niya kani-kanina lang. Mabuti na lang at kahit paano ay masipag din siyang mag-aral ng readings nila.

“The Roman-Syrian War, also known as the War of Antiochos or Syrian War, was a military conflict

between two coalitions led by the Roman Republic and the Seleucid Empire under Antiochus the Great,” umpisa niya.

Mahaba pa ang sumunod doon at nang matapos siya, nakangiting pinaupo siya ng propesor bago ito nagbalik sa lecture mode.

“Bruha ka talaga,” bulong ni Gemma. “Ano ba kasi ang novel na ’yan?”

“Ang ganda, eh,” katuwiran niya. “Ngayon lang ako nakabasa ng mystery thriller na Pinay ang nagsulat.”

“Babae ang author?”

Ipinakita niya ang cover ng libro para mabasa nito ang nakasulat doon. *Punyal at Dugo* by Danielle Cerrudo.

“Sigurado ka ba na babae ’yan? Di ba...”

“Shh!” saway niya dahil napatingin na naman sa kanila ang propesor.

Nag-concentrate na lang muna sila sa pagkopya ng notes at assignment dahil ilang minuto na lang ay idi-dismiss na rin ang klase. Nang makalabas ng classroom ay ipinagpatuloy nila ang diskusyon tungkol sa binabasa niya.

Naglalakad sila noon patungong cafeteria dahil lunch break na.

“As I was saying before I was rudely interrupted,” ani Gemma, “sigurado ka ba na babae nga ang nagsulat niyan? Kasi, di ba, ang mga writer, gumagamit ng pseudonym? It doesn’t always follow na kapag girl ang name, girl din ang may-ari n’ung name.”

“Girl ’yan!” she insisted. “Ikaw nga, kung writer ka at hindi gaanong popular ang ganitong genre sa Pilipinas, itago mo man ang totoong name mo, hindi mo ba ipagyayabang kahit gender mo man lang?”

“Yeah, but—”

“At saka, I know na girl ’yan kasi mga two nights ago, nag-surf ako ng info tungkol sa kanya. I came across an online writers’ forum na... I don’t know kung siya ang moderator or baka isa lang siya sa mga members. Hindi tunog lalaki ang mga comments niya, eh.”

“Bakit? Narinig mo?” hamon nito bago naglagay ng food tray sa railing sa harap nila.

“Basta! Kapag nabasa mo ’yung takbo n’ung usapan, hindi mo ever maiisip na she’s anything but a girl.”

“Fine.”

Hindi niya alam kung kumbinsido ito o kung sinabi nito iyon para patahimikin na siya at nang maiba na ang topic.

“Kailan na nga ang mini-recital mo?” mayamaya ay tanong nito.

“Next-next week pa.” Iniabot niya ang bayad sa kahera. “Manonood ka?”

“Try ko, ha? Kasi ang daming case studies na kailangan kong aralin at baka mataon na may report ako.” Umiiling-iling pa, tila talagang inaalala ang nakabinbing readings at research.

Business Economics ang kurso ni Gemma, milya-milya ang layo sa kursong napili niya—Piano and Voice sa College of Music. Mag-best friend na sila ni Gemma mula pa high school at laking tuwa nila nang matanggap silang pareho sa unibersidad na iyon kahit magkaiba sila ng kurso. Sinigurado na lang nila na makakuha ng common sked sa mga general education subjects para magkaklase pa rin sila kahit paano.

“Alam mo, Gem,” tiningnan niya ito sa ibabaw ng baso ng *Coke*, “hindi ito ang first book ng author na ito, eh.”

“Ah, so balik na naman tayo sa bagong obsession mo?” Tinaasan siya nito ng kilay.

She ignored the remark. “Sabi sa blurb sa back page, author siya ng isa pang bestselling novel—*I Hugs You*. May mahanap pa kaya ako nito? I tried surfing sa net, wala, eh.”

Nagkibit ito ng balikat. “Eh, di ba, nahanap mo na ’yung online forum nila? Bakit hindi mo itanong?”

“I did. Wala pang sumasagot.” Uminom siya ng soft drink.

“Hintayin mo kaya.” Pinanlakihan siya nito ng mga mata. “Or kung may website at number ’yung publisher, kontakin mo.”

“Hay naku, Gemma,” aniya, pinatirik din ang mga mata, “sinubukan ko na ’yan, wala pa ding resulta. Palagay mo, bakit di ako mapakali ngayon?”

“Lalong wala akong maitutulong sa iyo,” nanunulis ang nguso na sagot nito bago tumayo. “Malay ko diyan, hindi ako taga-d’un sa publishing company nila, ’no?”

Nagbelat siya rito bago inabot ang mga gamit sa ibabaw ng mesa para sumunod sa nag-walk out na best friend.

Tubong San Pablo, Laguna ang pamilya ni Cheska. High school sila nang magsimula siyang makitira kina Gemma. Naging kaklase niya ito sa isang all girls' school sa Manila. Inalok siya ng ina nito na sa bahay ng mga ito na lang maglagi tutal may extra room naman daw na maaari niyang gamitin.

Nag-alangan siya nang una dahil hindi siya sinsingil nito ng rent. Nagsabi na lang siya na magko-contribute na lamang sa mga gastusin sa bahay—tubig, kuryente, pagkain, at iba pa—para di gaanong nakakahiya.

Ang talagang ikinawili niya sa pagtuloy roon ay ang piano ng mga ito na walang may interes na gumamit. Kay Gemma iyon, binili ng ama para rito sa pag-aakala na makakaengganyo iyon sa dalaga na tumugtog.

Pero wala talagang musicality sa buto ang nag-iisang anak ng household na iyon. Samantalang siya ay may balak pang mag-aral nang pormal sa larangan ng musika.

Perfection.

“Magko-computer ka ba?” tanong niya sa kaibigan pagkapasok nila sa bahay.

Tumango ito. “May kailangan lang ako i-research.” Tinanggal nito ang sapatos at inilagay ang pares sa shoe rack sa paanan ng hagdan. “Ako muna gagamit, ha?”

“Sige, practice lang ako, ’tas sigawan mo na lang ako kapag tapos ka na.” Iniwan niya ito para magawa nito nang matiwasay ang kailangang tapusin.

Umakyat muna siya sa sariling kuwarto para magbihis. Nagtungo siya sa kusina at kumuha ng maiinom. Pagkatapos ay naupo na siya sa harap ng piano. Hindi pa siya nagtatagal doon ay narinig na niya ang boses ng kaibigan.

“Francesca! Game, ikaw na,” sigaw nito mula sa second floor ng bahay.

Ipinagpatuloy lang niya ang pagtugtog dahil nasa kalagitnaan pa siya ng piyesa. Hindi pa nakuntento, tumugtog siya ng isa pa at sinabayan niya iyon ng pagkanta. Nang matapos, iniligpit niya ang mga piyesa at ibinalik sa dati ang ayos ng piano.

“Syets, Cheska, hindi ko naisip na ganyan ka na pala kagaling mag-piano at kumanta.” Nakatulala at nanonood pala sa kanya ang kaibigan sa mataas na bahagi ng hagdan.

“Minana ko lang ’yan sa tatay ko.” Namumula

siya, hindi sigurado kung paano magre-react sa papuri.

Musician din ang tatay niya pero hindi nagkaroon ng pagkakataon na maituon ang panahon sa propesyon na iyon dahil kailangan nitong piliin ang trabaho na mas malaki ang kita. Lima silang magkakapatid.

Upang pasayahin ang sarili ay nagkakasya na lamang ito sa pag-raket paminsan-minsan kapag may okasyon. Sa mga kinita nito sa pagtugtog ay nakaipon sila nang kaunti para makapagpatayo ng isang sari-sari store. Doon nagsimulang gumaan ang kanilang buhay.

Nang magsimulang magtrabaho ang mga kapatid niya ay tumulong din ang mga ito sa kanilang mga magulang. Siya naman ay nagsisikap na ma-maintain ang scholarship sa pamantasang pinapasukan.

“So, isa-surf mo na naman ’yang Danielle na ’yan?” Pabagsak na naupo si Gemma sa sofa na nasa study room.

“Bakit ba? Kilala mo ’ko, kapag may nagpapasaya sa akin, di ba? Fanatic ako.” Nilingon niya ito matapos i-type ang pangalan ng forum sa browser.

Nakasubsob na pala sa libro ang bruha. Kaya pala wala na siyang narinig na imik mula rito. Umiiling

niyang ibinalik ang tingin sa screen ng computer at saka siya napatili.

“Ano na?” gulat na gulat na naibulalalas ni Gemma.

“Sinagot niya ako at online siya!” Hindi magkamayaw sa excitement, bigla siyang nalito sa kung ano ang pipindutin sa computer. “Shet, nawala! Ano ba ito?”

“Sus mio, mag-relax ka kasi. Kung tumili ka diyan akala ko nakakita ka na ng guwapo,” bale-wala nitong ibinalik ang atensyon sa binabasang theories ng supply at demand.

“Nerd ka kasi,” pabulong na sabi niya, pero sinigurado na maririnig pa rin iyon ng kaibigan.

“Oo, at kung hindi, wala kang taga-solve ng math problems mo,” nanunudyong balik nito.

Hindi na siya nakipag-argue. Totoo iyon dahil kahit siguro magunaw ang mundo, wala siyang naiintindihan bukod sa basic addition, subtraction, multiplication at division. Pero may ihihirit din siya.

“At kung hindi ako artistic, wala kang taga-analyze ng poetry at taga-review ng readings mo sa Humanities at Literature, 'no?”

Umangat saglit ang ulo nito, sapat para lang

ngitian siya nang pagkatamis-tamis. Binelatan niya ito pagkuwa'y nag-concentrate na sa pakikipagsagutan sa iniidolong writer.

'Zeta' ang account name niya sa forum.

dcerrudo: Hey, girl! Nice to meet you. Thanks for getting the book. Naku, I think wala n'ung first book ko sa stores kasi parang more than a year ago na since it was published. But I have a copy. PM me your postal address, I'll send it to you.

zeta: Really? Oh, my gosh, sobrang thank you! I mean, but I can pay for the book. Nakakahiya naman kung libre.

dcerrudo: No, it's okay. They give us around ten complimentary copies kasi sa publishing house for each released novel. Eh, wala talaga akong pinagbibigyan so may ilan pang natira dito.

zeta: Baka I could pick it up na lang from wherever. Para you don't have to pay for courier fees.

dcerrudo: Sis, okay lang talaga. Besides, I live in Batangas. Masyadong malayo iyon para puntahan mo. I feel responsible for your safety. Student ka pa lang?

zeta: Parang ang tanda mo na sa tono ng message mo.

Love In Disguise - Edith Joaquin

dcerrudo: Hahaha! I'm only 24.

zeta: Talaga? You're still young pala. Ako naman turning 18 next next month.

dcerrudo: O, 'yun pala, eh. Consider the book as a birthday gift. And thank you din dahil nagustuhan mo 'yung isang book ko.

zeta: Oo, ang galing mo.

dcerrudo: Hindi naman. Maraming mas magaling.

zeta: Yeah, but there's something about the way you write, eh. Siguro dahil you're Filipina at iba ang dating ng 'local flavor', 'ika nga.

dcerrudo: You have a point there.

zeta: So paano ka nagsimulang magsulat?

dcerrudo: Uhm, I think mga three years ago 'yun. Actually, I was just desperate to make money out of some other means dahil... well, long story, next time na lang. So, anyway, naisip ko noon na baka ito nga ang madali for me kasi I've been told na magaling 'daw' ako magsulat at imaginative ako. One of my friends told me about this publishing house... and one day, naupo ako sa harap ng computer and just started typing. 'Ayun. Suwerte dahil sa unang attempt, pumasa ang manuscript ko.

Love In Disguise - Edith Joaquin

zeta: Wow, sana gan'un din kadali for me. Napa-fascinate ako sa pagsusulat, lalo na ng novels.

dcerrudo: Do you write at all?

zeta: Yeah, minsan. Poetry 'tsaka ilang short stories. Plus, syempre dahil music ang passion ko, I write music too. But I'm not really very good at it yet.

dcerrudo: 'Wag mo muna isipin kung magiging magaling ka o hindi. Basta gawin mo lang. Artist ka naman pala.

zeta: Artist? You're the first to call me that. Ang naririnig ko, magaling 'daw' ako mag-imbento.

dcerrudo: Go na! Kahit paisa-isang page lang everyday. Eventually, mabubuo mo 'yan. I can help, kung kailangan mo ng critic or ng consultant.

zeta: Grabe, Miss Danielle, nakakahiya naman.

dcerrudo: Ano ba? You can drop the Miss. Pwede na ang Danielle or Dani. And no, hindi nakakahiya. I'll be more than glad to help.

zeta: Sige, Dani, I'll try to get something done. Meantime, baka gusto mo na magpahinga. Matutulog na din ako kasi medyo maaga pa ang pasok ko tomorrow.

Love In Disguise - Edith Joaquin

dcerrudo: Okay. Hey, don't forget to PM your address. Tomorrow, ipapadala ko 'yung book.

zeta: Sure, 'eto na. Was great getting to know you.

dcerrudo: Likewise. 'Til next chika.

zeta: Maraming salamat sa book. I'll cherish it for the rest of my life!

dcerrudo: Haha! You're very much welcome!

Pakiwari ni Cheska ay namatay na siya and had gone to heaven.

2

University Graduation, two years later...

Medyo magulo ang mga taong nasa loob ng auditorium. Katatapos lang ng graduation rites at parehong *cum laude* sina Cheska at Gemma.

Kasama ang pamilya niya, pati si Gemma at ang ina nito, isang masayang grupo silang nagtungo sa isang restaurant sa *SM North EDSA* para mag-dinner. Nag-order ng wine ang tatay niya sa unang pagkakataon para umano sa kanya.

Bago matapos ang kasiyahan, ilang speeches ang nabigkas, karamihan ay medyo ma-drama dahil galing sa kanyang ama, sa mommy ni Gemma, at ang palitan nilang mag-best friend ng wishes para sa isa't isa.

“Ano ba? Masyado na tayong ma-drama,” komento niya habang nagpupunas ng luha.

“Oo nga! Game, pampasaya naman.” Yumuko si Gemma sa paanan at inilapag ang dalang bag. Nakita niyang may inilabas ito na paper bag. Itinago muna nito iyon sa likuran bago tumayo at nagsalita. “Para po sa kaalaman ng lahat, mga two years ago po yata

iyon nang ma-discover ni Cheska itong writer ng isang paperback.”

Nanlaki ang mga mata niya at medyo nag-panic siya.

“Gemma!” Hinaltak niya ang manggas ng damit nito.

“Wag ka magulo, wait lang.” Pinalis nito ang kamay niyang nangungurot. “Anyway po, ’ayun nga, naging fave ni Cheska itong si Danielle Cerrudo.” Ikinuwento nito pati ang pagkakadiskubre niya sa forum at ang reaction niya nang matanggap ang autographed copy ng unang libro ng pamosong writer. “At dahil lately, or mas tama sigurong sabihin na for the past year, hindi na sila halos nagkakausap—”

“Gemma, tama na!” she said through her teeth.

Kung kanina ay mukha lang siyang makopa, ngayon ay malapit na niyang kumpetensyahin ang kulay ng mansanas sa sobrang pamumula.

“Cheska, bakit ba namimilipit ka diyan?” biro pa ng panganay niyang kapatid, ang Kuya Glenn niya.

“Oo nga,” ayon ni Gemma bago nagpatuloy, “hindi mo pa naman alam ang sasabihin ko. So ’ayun nga, dahil hindi na sila nagkakatsambahang parehong

online dahil sobrang busy si Cheska sa exams, recitals, mini-concerts at kung anu-ano pa, ako ang nangahas makipagkulitan kay Miss Cerrudo.

“Ganyan ko po ka-love ang newfound sister ko. Hindi ko po normally gawain ang makipagkulitan online sa hindi ko kilala kahit ba sabihing sikat siya na writer. Mabuti na lang nabasa ko din ’yung books kaya naisip ko na magaling nga siya enough para maging sobrang fan si Cheska.

“Sinabi ko na graduation namin ngayon at humingi ako ng gift kay Miss Cerrudo. So, heto, Sis,” inilabas nito ang laman ng hawak na paper bag, “Danielle’s third book, na fresh daw from the publisher, at next week pa daw ang release sa market, signed just for you. Happy graduation!”

Masaya siya nang tanggapin iyon. Binuklat niya at binasa ang mensahe sa loob.

Hey, Zeta!

*Congrats sa pagtatapos at cum laude pa!
Kailan ko makikita ang books mo? Wait ko ’yun,
ha? Mwah!*

Hugs,

Dani

Masaya siya pero may kaunting disappointment siyang naramdaman. Kasi ang unang naisip niya, inimitahan ni Gemma si Danielle sa selebrasyong iyon.

“Gemma, thank you.” Niyakap niya ang kaibigan matapos tanggapin ang libro. “BFF talaga kita!”

“Beh, ano ’yung BFF?” tanong ni Peachy, ang sumunod sa panganay nila.

“Best friend forever,” sagot ng nanay niya.

“Nay, bakit mo alam ’yan?” nanlalaki ang mga matang tanong niya.

“Aba, eh, naririnig ko sa TV,” nakangiting sagot nito.

“Susme, Tita! Nakakaloka ka.” Sumali sa tawanan si Gemma. “Pero, wait lang, hindi pa tapos ang surprise ko.”

Biglang tumalon ulit ang puso niya. Diyata’t may chance pa na matuloy ang pantasya niya. Hindi kaya isipin ng iba na weird siya kapag nalaman ng mga

ito na ang pantasya ng puso niya ay isang babaeng writer na hindi pa niya nakikilala personally? Hindi kaya nato-tomboy na siya?

Nah! She was an avid fan, that's all. Boyfriend pa rin ang hanap niya.

“Game na, hindi na ako makahinga!” tili niya.

Inilabas nito ang isang malapad na piraso ng papel.

“Basahin mo 'yan,” sabi ng kaibigan sa kanya.

Bahagyang nanginig ang mga kamay niya habang inaabot iyon. Binuksan niya iyon nang marahan. Computer printout iyon ng isang e-mail message. Her eyes scanned the words on it.

Pinanood ng kanyang pamilya ang pagbabago ng expression sa mukha niya—pagtataka, pagkamangha hanggang sa manlaki ang mga mata niya. Napatili ulit siya.

“Oh, my God!”

“Congratulations talaga, Sister!” Nagtatatalon na lumapit si Gemma para yakapin siya nang mahigpit.

“Ano'ng nangyayari?” kunot ang noong nakatitig sa kanila ang kanyang ama.

Tumakbo siya papunta sa tatay niya at hinalikan ito. Ganoon din ang ginawa niya sa kanyang ina at mga kapatid.

“Oy, bata ka, ano na?” Sinundan siya ng tingin ng ina ni Gemma, ang kanyang Tita Glenda.

“Totoong writer na po ako,” she announced happily.

Over the past two years, sa pagitan ng ka-busy-han niya sa gawain sa kolehiyo, singing at piano engagements, at concert recital preparations, nakabuo siya ng nobela. Mula nang sabihan siya ng iniidolong writer na subukan niya sa pamamagitan ng paisa-isa o padala-dalawang page kada araw ay iyon nga ang ginawa niya.

Hanggang sa matapos niya ang required na mahigit two-hundred pages ng manuscript.

Nagpapasalamat talaga siya sa mga encouraging offline messages ni Danielle. Gayundin sa kakulitan ni Gemma.

Nai-submit niya iyon ilang buwan na ang nakakaran, at dahil sa sobra siyang abala ay hindi na niya na-follow up ang resulta niyon. Until now.

“Congrats, Bunso!” anang isa pang kapatid, ang

Kuya Victor niya. “Maganda ’yan, para maiba naman.”

Nasabi nito iyon dahil lahat ng mga kapatid niya ay nasa numero ang field na kinuha—accounting, banking and finance, at computer programming.

“Kailan ba lalabas ang librong iyan?” usyoso ng kanyang ama.

“Sabi dito sa sulat, pagkatapos ng dalawang linggo. Kasi ang date nitong e-mail ay three weeks ago pa. The book will be released daw in a month or two after approval. Gem, buti na lang nangengalam ka ng e-mails ko.” Niyakap muli niya ito.

“Ngayon lang, Sis, kasi alam ko na nag-submit ka na. ’Tapos ang labo mo dahil kinalimutan mo na mag-follow-up samantalang excited akong malaman kung sisikat ka na,” anito.

“Ano ka ba, Gem? Isang book lang naman ’yan.”

“Pero I’m sure marami pa iyang kasunod. I therefore conclude na hindi malayong maging sikat ka. Kamayan na kita ngayon bago mo ’ko makalimutan. Sigurado akong mahihirapan na ’ko pumila pag marami ka nang fans,” biro nito.

“Gem!” saway niya dito. Kulay mansanas na siya ulit.

Hindi mawala-wala ang ngiti sa mukha ni Cheska. Nasa mga labi pa rin niya iyon hanggang sa makarating sila sa bahay. Naiisip pa rin niya ang mga kaganapan noong araw na iyon—ang kanyang academic awards, ang family dinner, ang libro...

“Gem, matutulog ka na ba?”

“Oo, sana.” Naghikab ito. “Bakit?”

“Kasi mag-i-internet sana ako.” Siya man ay inaantok na pero gustong-gusto niyang makita kung online si Dani para makapagpasalamat dito at para maibalita ang tungkol sa kanyang upcoming book. “Di bale, bukas na lang.”

“Sige lang, tutulog lang ako.” Magkasabay silang umakyat ng hagdan. “Basta ’wag ka titili. Papasukin kita sa study roon at bubusalan kita.”

Napangiti lang siya. “Hindi ako titili, promise.” Nag-good night na siya rito.

Parang gusto niya kaagad bawiin ang sinabi kay Gemma pagka-log on sa forum. Gusto niyang tumili dahil for the first time in a long time, naka-online din ang sikat na writer.

zeta: Hi, Dani! Long time.

Love In Disguise - Edith Joaquin

dcerrudo: Hey, musta na? Na-miss kita, ah. Congratulations! Naks, cum laude ang sister ko.

zeta: Salamat! Uy, thanks sa book, ha? Grabe talaga si Gemma, sobrang love ko 'yang friend ko na 'yan.

dcerrudo: I know. So, kelan ako makakatanggap ng autographed copy ng book mo?

zeta: Sus! Hindi ba parang ang kapal naman ng fez ko kung padadalhan kita ng book ko at may autograph pa?

dcerrudo: Aba, why not? It's always an honor to receive autographed books. Saka wala 'yan sa kung sino ang nauna.

zeta: Nakakailang pa din. Sikat ka na, eh.

dcerrudo: Oy, 'wag kang ganyan. Teka, nakapag-submit ka na nga ba ng manuscript?

zeta: Yep! Thanks sa encouragement, Dani. I don't think I could thank you enough.

dcerrudo: My pleasure. Pero ano na nga? May ibinunga ba ang pangungulit ko sa 'yo?

zeta: Ehem... Approved na as of three weeks ago at out in the market in two weeks.

Love In Disguise - Edith Joaquin

dcerrudo: Homaygawd! Congrats! Ah, so ibig sabihin, I'll get your autograph soon? Yay!

zeta: Seryoso ka talaga sa autograph na iyan, Dani?

dcerrudo: Bakit ba? Kaligayahan ko kaya makatanggap ng signed published works.

zeta: Nakakahiya...

dcerrudo: Ganito na lang, isipin mo bayad-utang mo sa akin ang libro na 'yan. Na-harrass ako kaya nabuo 'yan. Bukod sa nahirapan akong i-check ang outline mong magulo, ang tagal mo pa ma-convince na maganda 'yung plot na naisip mo.

zeta: Di nga? Na-harrass ka talaga sa 'kin?

dcerrudo: Joke lang, gaga. Basta padalhan mo ako ng autographed copy. Andami mong kemedu.

zeta: Haha! Oo na, sige na. As soon as lumabas, sa iyo ang unang copy na mahahawakan ko.

dcerrudo: Yehey! Loveya, 'Teh! Maiba ako. Ano'ng plano mo ngayong naka-graduate ka na? Most of my friends in your field, ni hindi nag-bother na kumuha ng diploma. Nasa ibang bansa silang lahat ngayon at doon nagpapasikat.

Love In Disguise - Edith Joaquin

zeta: Hmm, I think magtatayo ako ng sarili kong studio as a freelance music teacher. I told my parents about it and they seem to think maganda 'yung idea ko. Anyway, medyo marami na akong potential clients dahil kahit n'ung nag-aaral ako ay marami na akong tinuturuan.

dcerrudo: Wala ka balak mag-abroad?

zeta: May offers pero parang hindi appealing sa akin.

dcerrudo: Ah, well, okay maging freelance private music teacher. Baka nga mas maging lucrative 'yan. Hawak mo ang oras mo. And you can write when you're not busy.

zeta: Hindi kaya ako maging one-hit wonder?

dcerrudo: If you stop writing, then you will be.

zeta: May tuldok ka diyan...

dcerrudo: Huh?

zeta: Sabi ko, you have a point.

dcerrudo: Wahahaha!

zeta: Siya, 'yun lang, Sis. I'm so glad na natsambahan kita ulit online. Na-miss kita sobra.

Love In Disguise - Edith Joaquin

dcerrudo: I know. Miss din kita. And congrats talaga sa graduation and sa book.

zeta: Thanks, Dani. 'Til next chat.

dcerrudo: Ingat ka, Sis. Love yah!

She switched off the computer. Pagdating niya sa sariling kuwarta ay muling binuklat niya ang libro ni Dani sa pahina kung nasaan ang dedication. Buong-pagmamahal niyang hinaplos ang outline ng tinta and sighed.

Hay! To be acquainted with such a talented and famous writer... Kailan ko kaya siya mami-meet?

Yakap pa rin niya ang libro hanggang sa makatulog.

3

Ipinasada ni Cheska ang mga kamay sa *teclado* ng piano habang pasulyap-sulyap sa piyesang naka-spread sa harapan niya. Tumingin siya sa estudyanteng nakatayo sa tabi niya at sa isang tango, ibinigay rito ang hudyat para magsimulang umawit.

“The sun will come out tomorrow...”

Mistulang concert ang nangyari nang mga sumunod na sandali. Hanggang matapos ang kanta at nag-fade sa background ang huling tunog ng piano.

“Very good,” puri niya sa walong taong bata.

“Thank you, Teacher Cheska,” nakangiting sagot nito.

“So ready ka na para sa recital natin in two weeks?” Tinulungan niya itong mag-ayos ng mga piyesa.

“Opo, pero sabi ni Mommy, baka hindi siya makarating kasi may work pa siya, eh. Si Daddy at si Lola na lang ang makakapanood,” anito.

“Ah, okay.” Sinamahan niya ito palabas ng studio.

She was currently occupying a two-bedroom unit townhouse in San Juan. Isa sa mga kuwarto roon ang naging music studio niya.

“Bye, Teacher Cheska,” paalam nito.

Hinawi niya ang ilang hibla ng buhok palayo sa mukha at nagpaalam na rin dito.

“I’ll see you next Tuesday, ha?”

“Opo!” Tumakbo na ito sa kasamang yaya na nasa waiting area sa garahe.

Kinawayan niya ito bago bumaling sa mukhang kararating lang at hinihinal pang teenager.

“Hi, Aika. Pagod na pagod ka yata.”

“Grabe, Miss Cheska, akala ko male-late ako. Sobra ang traffic galing sa school.” Ipinapaypay nito sa sarili ang dalang panyo bago iyon ipunas sa pawisang mukha. “Okay lang ba kung makiinom muna ako?”

“Oo naman.” Inakbayan niya ito at iginiya patungong kusina. “Help yourself na lang, Aika, ha? Aayusin ko muna ’yung studio. ’Tapos sunod ka na doon.”

“Opo.”

On her way, ipinasada niya ang mga daliri sa hilera ng mystery thriller novels na nasa bookshelf sa corridor papasok ng studio niya. Tatlo roon ang sinulat niya bilang si Zeta Marasigan. Isang dosena naman ang sa idol niyang si Danielle Cerrudo, at ang ilan sa mga bagong writers na naging kaibigan niya din sa forum. Sila raw ni Danielle ang idol ng mga ito.

Napangiti siya sa alaala. It had been almost six years mula nang una siyang makapagpa-publish ng libro. Anim na taon na rin siyang freelance music and voice teacher. She was living the life many would dream of having—may trabahong ine-enjoy at kumikita ng higit sa sapat para magkaroon ng higit din sa komportableng lifestyle.

Ang una niyang nabili sa naipon niya ay kotse—second hand na *Honda Civic* pero maganda pa. Two years ago ay nakapag-invest siya sa isang townhouse sa bandang Sta. Mesa-San Juan area na ideal na lugar both for her and for her students dahil nadadaan ng public transport.

Masaya siya sa lahat ng naturuan niya—mula sa mga bata, hanggang teenagers, adults at kahit pa senior citizens. Alam niyang pagkatapos ng walong basic sessions, she had somehow made a good impact on their lives. Ang mga ito ang kanyang inspirasyon.

She smiled as she uttered a silent thanks to the Lord para sa tinatamasa niyang buhay. Then she flipped through her music sheets para sa lessons nila ni Aika.

Nag-ring ang kanyang telepono.

“Hello?” Inipit niya sa pagitan ng tainga at balikat ang wireless phone habang naglalabas ng piyesa para kay Aika.

“Cheska!” tili ng tumawag. Muntik nang malaglag ang telepono dahil bigla niyang iniilag ang ulo.

“Gemma naman!” saway niya. “Nakakabingi ka, ha?”

“Sorry, na-excite lang ako. Out na ’yung bagong book ni Danielle, kasabay ’yung sa iyo!”

Napatalon din siya sa tuwa at halos nakalimutan nang natulili ang tainga niya sa sigaw ng kaibigan.

“Yes!” Ikaapat na libro na niya iyon.

“Game na, papunta na ako sa *Gateway*, kita tayo sa *National*?”

“Later, Gem, may student pa ako.” Kinawayan niya ang tinuran para pumasok na sa studio. “Give me about two hours.”

“Okay, hindi muna ako bibili, sabay tayo. Mag-iikot na muna siguro ako.”

“Sige,” paalam niya. Binalingan niya ang estudyante. “Aika, we’ll work on one of the songs from *The King and I*.”

“Okay po.” Inayos nito ang suot na uniporme at tumayo sa tabi niya.

Mabilis lang natapos ang session. Halos hindi nga niya naramdaman. Sa lahat ng naging estudyante niya mula nang nagsimula siyang magturo ay paborito niya si Aika. Hindi dahil pinakamagaling itong kumanta, pero dahil magaling itong sumunod sa instructions at walang pangiging sinusubukan at ginagawa ang sinasabi niya. May effort ito na ma-perfect ang mga iyon.

Needless to say, may ibang affection din siya para rito, higit sa affection para sa isang estudyante.

“Wala ka yatang sundo today?” tanong niya habang tinutulungan siya nitong magligpit.

“May sakit kasi si Manang Doray ‘tapos masyado pang maaga para masundo ako ni Daddy. Hanggang six p.m. pa po kasi ’yun duty niya sa work, eh. Magko-commute lang po ako pauwi.”

Halatang alaga ang dalagita pero hindi rin masasabi na overly-sheltered. Nakakapag-commute itong mag-isa kung kinakailangan. Hindi siya gaanong nabahala dahil sila man ni Gemma ay high school din nang magsimulang mag-commute.

“Saan ka na nga nakatira?” Isinusi niya ang piano.

“Sa Marikina po,” sagot nito bago naupo sa sofa.

“Puwede kita isabay hanggang Cubao. Papunta ako sa *Gateway*, magkikita kami ng friend ko,” alok niya.

“Ay, gan’un po?” Nangiti ito bago kinuha ang cellphone. “P’wede po ba sa *Gateway* na lang din ako? Kasi doon ang office ni Daddy, pupuntahan ko na lang siya para sabay na kami umuwi ’tas yayain ko siya mag-dinner. Yay! Text ko lang siya para hindi umalis agad.”

“Sige, sandali lang, magbibihis lang ako,” sabi niya bago siya pumasok ng kuwarto.

Alam niya kung gaano ito ka-close sa ama kaya sigurado siyang hindi takas na lakwatsa ang iniisip nito sa pagsama sa kanya sa Cubao. Madaldal din si Aika at natutuwa siya sa kaprangkahan ng bata. Minsan na nitong nabanggit ang circumstances ng

parentage na nauwi sa pagiging single parent ng ama.

Masyado raw bata ang mga magulang nito when they had her. Both were barely seventeen then, still in college at marami pang pangarap para sa sarili. Nang maipanganak siya, dumoon ito sa poder ng ina at maternal grandparents nito. Bago ito mag-three years old, inihatid ito sa ama for the weekend, gaya ng nakasanayan. Pero hindi na ito binalikan ng ina. They never saw her mom since.

Ilang saglit lang ay nakapagpalit na siya ng mini-skirt na nagpakita ng mahaba at makinis niyang legs. Medyo dressy ang kanyang puting pang-itaas na singnipsis ng kulambo kung kaya may suot siyang tank top na matinkad na pula bilang panloob. Silver flat pumps ang suot niyang panyapak. Nakalugay ang mahaba at makintab niyang buhok na kalimitan ay nakatali lalo na kapag nagtuturo siya.

“Wow, ang sexy n’yo naman, Miss Cheska! Ang ganda-ganda n’yo pala kapag nakaayos kayo,” puri ni Aika.

Sanay kasi itong makita siya na medyo pormal–naka-slacks at naka-polo.

“Salamat.” Nginitian niya ito kasabay ng pamumula ng mukha.

“Aha!” bulalas nito. “Bakit ba ngayon ko lang naisip? Miss Cheska, alam n’yo bagay kayo ng daddy ko.”

“Aika!” Lalong tumingkad ang kulay ng mukha niya sa sinabi nito.

Kahit bukambibig nito ang ama, ni minsan hindi pa niya na-meet ang tatay ng bata. Yaya lang ang kasama nito noong nag-enrol at yaya rin ang parating kasabay nito tuwing araw ng kanilang sessions.

“Totoo po! Sayang wala akong picture niya sa wallet ko. Matangkad siya at matangkad ka din, so hindi ka magmumukhang duwende sa tabi niya. Guwapo din ang daddy ko, s’an pa ba ako magmamana ng good looks, di ba? ”Tapos hindi tayo nagkakalayo ng hitsura. I think may hawig ako sa iyo, Miss Cheska, so papasa na anak mo ako.” Obvious na tuwang-tuwa ito sa ideya.

“At ilang taon ako noong ipinanganak kita? Ten years old?” Sixteen na kasi ito, siya ay magtu-twenty six lang in a few months. Napailing lang siya. “I hope hindi mo ito uulitin sa daddy mo. Medyo nakakahiya.”

“Hindi, Miss Cheska, okay lang ’yun! It’s about time na magkaroon ako ng bagong mommy, di ba? Masyadong nagpapakalunod iyong daddy ko sa

trabaho, kaya walang lovelife. Buti pa ako, meron.” Sumunod na ito sa kanya paglabas.

“Aika!” Nanlalaki ang mga mata niyang napatingin dito.

“Joke lang!” Natawa ito sa reaction niya. “Magugulpi ako ni Daddy kapag inuna ko ang lovelife kesa sa studies.”

“Malamang.” Matapos siguruhing nakapatay ang mga ilaw maliban sa altar, ikinandado na niya ang pinto. “Tayo na, change topic.”

Hiyang-hiya siya talaga sa mga sinabi nito. Mabuti na lang at iniba na nga nito ang topic dahil kung hindi ay baka nakurot niya ito dahil sa kakulitan. Mahihirapan siyang harapin ang inirereto nitong tatay kung ang unang kita niya sa lalaki ay under very undesirable circumstances.

Sa mall na rin sila naghiwalay ni Aika Sandico. Siya ay papuntang *National Bookstore* at ito naman patungong third level ng *Gateway* kung saan naroon ang entrance ng opisina. Head umano ng security department ang daddy nito.

“Basta, Miss Cheska, ha, minsan magpapasundo ako kay Daddy para makilala mo siya?” At kumaway na ito bilang paalam bago pa siya nakasagot.

She's got to be kidding me, nasabi niya sa sarili.

Umiling siya, as if to dismiss Aika's last words, at naglakad papasok ng bookstore.

“Cheska!” Gemma waved wildly at her mula sa kabilang side ng nakahilerang bookshelves. “Lika, dali! Ang ganda ng cover ng book mo, o.” Iniharap nito sa kanya ang latest novel niya.

“In fairness sa artist, kuha niya 'yung description ko sa story.” Kumuha rin siya ng isang kopya ng libro ni Danielle, binasa ang blurb na naka-print sa back page at saka niyakap iyon sa sobrang kilig. “Shucks, ito 'yung kinuwento niya sa akin na inspired daw d'un sa experience niya when she went to Siquijor!”

“Yeah, I remember, nabanggit mo din 'yan sa akin,” sang-ayon nito. “My God, kung biglang may pumasok dito at magpakilalang siya si Danielle, luluhod ako, I swear!”

“Ako din, 'no?” Pinanlakihan niya ito ng mga mata, na parang hindi posible dahil tsinita talaga siya. “At magpapa-picture ako with her, saka hihingi ako ng autograph.”

Sadly, sa tinagal-tagal ng panahon na kakilala niya ito online, never pa itong nagpakita kahit picture man lang. Sa tinagal-tagal din ng panahon, misteryo

pa rin iyon sa kanya. Minsan, she would lose sleep over the fact na ayaw nitong mag-reveal ng ganoong bagay kahit pa sobrang close na nila sa isa't isa.

“Sis, pa-picture din ako sa 'yo!” Nagulat siya sa biro ni Gemma.

“Ano ba?” Nahampas niya tuloy ito ng libro. And her mind suddenly veered off her musings.

“Aray! Masakit 'yun, gaga ka!” Hinaplos nito ang bahagi ng braso na nasaktan. “Dahil diyan, ililibre mo ako ng dinner dahil gutom na ako sa kakahintay sa iyo.”

“Aba,” kunwari’y na-offend na umpisa niya, “ako pa talaga may kasalanan? Ikaw ang may gustong maghintay sa akin, 'no?”

“Sus, kung hindi kita hinintay, magtatampo ka, Bruha, ka.” Pinamaywangan siya nito.

Natawa lang siya. Totoo ang sinabi nito. Sa lahat halos ng bagay ay magkaramay sila nito. At kahit hindi nila pinag-uusapan, alam nilang hangga't maaari, sabay sila magtatagumpay sa career man o sa buhay. Kaya nga sila parating late makatapos mag-enroll noong college—dahil kailangan, sabay sila. Childish para sa iba, pero katuwiran nila, mag-best friend sila.

Sa *Teriyaki Boy* sila nagtuloy dahil sabi ni Gemma ay nagke-crave daw ito sa *sushi* at *tempura*. Nang maka-order, sabay silang naglabas ng bagong biling libro at natahimik nang pareho hanggang bumalik ang waiter dala ang kanilang pagkain. Isinilid nilang muli ang libro sa kani-kanilang bag dahil baka marumihan iyon sa kanilang kagutuman.

Nagsisimula silang kumain nang may malakas na boses ng bata na pumukaw ng atensyon ng halos lahat ng tao sa restaurant.

“Miss Cheska!”

Tumingin siya sa direksyong pinanggalingan niyon at muntik na siyang mahirinan sa nginunguyang piraso ng *teriyaki chicken* nang makita kung sino iyon. Lumagpas ang tingin niya sa masayang kumakaway na si Aika Sandico papunta sa lalaking karay-karay nito.

Hindi nagbibiro ang bata nang sabihin nitong guwapo ang ama. Well, she could only presume that the man with Aika was the girl’s father. To be honest, hindi ito guwapo in the sense na parang sa artista o model. Guwapo ito dahil sa tindig at presence nito. Ang sinasabi ng marami na lakas ng dating. He exuded so much confidence such that sa pagtayo lang nito sa isang lugar ay tila nilalamon ng personality

nito lahat ng naroon.

He was tall and ruggedly handsome. Pero hindi iyong mukhang pinagpapawisan.

“Diyos ko, padala ba ni Lord iyan sa iyo?” comment ni Gemma.

Hindi na siya nakasagot dahil papalapit na si Aika at ang kasama nito.

“Hi, Miss Cheska, siya po ang daddy ko, si Francis Sandico,” pakilala nito sa kasama. “Daddy, ang voice teacher ko, si Miss Francesca Abejo. Uy, magkapangalan pala kayo!”

“Good to meet you, Miss Abejo.” Iniabot nito ang kamay sa kanya, thankfully ignoring his daughter’s last remark.

Akala niya ay mahihimatay siya sa ngiting iginawad nito. He had the kind of smile na ang epekto sa nginitian ay parang sinag ng araw matapos ang malakas na pag-ulan. Kinailangan tuloy siyang sipain ng kaibigan mula sa ilalim ng mesa dahil hindi agad siya nakapag-react.

“Uh, hi.” Kinamayan niya rin ito. “Good to meet you, too, Sir.”

Nang bawiin niya ang kamay kinailangan niyang

pigilan ang sariling ilapit sa ilong ang nahawakan nito para singhutin iyon. Parang ang bango!

“Sir?” Natawa ito. “Wag gan’un. I’m not that old. Call me ‘Kiko’.”

“Uhm, you... I’m Cheska.”

Tumikhim si Gemma at muling sinipa ang binti niya.

“Baka gusto n’yo maki-join,” imbita nito sa mag-ama. ”I’m Gemma, by the way.”

“Hi, Miss Gemma,” ani Aika, bago naupo sa tabi ng kaibigan niya, para ang lalaki ang tumabi sa kanya. “Upo ka na diyan, Dad.”

Umurong siya para bigyan ito ng espasyo at para pasimpleng hapusin ang masakit na bahaging sinipa ni Gemma. Hindi kasi maganda kung hayaan niya itong nakatayo roon dahil lang nag-aalangan siya, di ba? Naku, kung hindi lang masamang pumatol sa bata at sa best friend.

“Hindi ba kami nakakaistorbo?” Humarap ito sa kanya.

“Uhm, no, okay lang.” Si Gemma muli ang sumagot dahil parang umurong ang dila niya. “Gusto n’yo ba mag-order?”

“Yeah,” sagot ni Francis. Lumingon ito para kumaway sa waiter.

“Dad, gusto ko ng *miso soup* saka *teriyaki chicken*, *tempura* at kanin,” hirit ni Aika.

“Yun lang?” Makulit ang kislap ng mga mata nitong nagtanong sa anak.

“Dad! Not in front of the pretty ladies!” Pinanlakihan ng dalagita ng mga mata ang ama.

Natawa nang malakas ang lalaki at hindi niya alam kung bakit parang musika sa pandinig niya ang tunog niyon.

“Ito kasing si Erika, kadalasan hindi kuntento na iyon lang ang kinakain kapag dito kami nagdinner,” paliwanag nito.

“Daddy!”

“Bakit, Aika?” Finally ay nahanap ni Cheska ang tila naiwalang ability magsalita. “Don’t tell me worried ka sa figure mo? Sexy ka nga, eh. At bata ka pa, you should be eating.”

“Totoo ’yan,” sang-ayon ng ama nito, “sabi ko nga dito sa anak ko, at her age, dapat hindi muna siya nag-iisip ng diet-diet dahil maaapektuhan ang metabolism niya. Sensible eating lang dapat.”

Love In Disguise - Edith Joaquin

“At least, hindi ako mahilig sa junk food at softdrinks, di ba, Daddy?” buong-pagmamalaking sabi ni Aika.

“Yup!” Inabot nito ang ulo ng anak at hinagod iyon affectionately. “That’s my girl!”

“And you’re my guy,” malawak ang ngiting balik nito.

Parang nainggit si Cheska. Gusto yata niyang maging part ng pamilyang iyon.